**Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Lupon ng Turismo ng Hong Kong**

Ang Lupon ng Turismo ng Hong Kong ("HKTB") ay isang pangkat ng pampamahalaang tulong na naatasang ipakilala at itaguyod ang Hong Kong bilang isang destinasyon sa paglalakbay sa buong mundo at upang mapahusay ang karanasan ng mga bisita pagdating nila. Ang HKTB ay nakalakip ang malaking kahalagahan upang matiyak ang pantay na pag-access sa mga serbisyo nito ng lahat ng mga miyembro ng publiko at turista mula sa buong mundo, anuman ang kanilang pinagmulan.

(A) Mga Serbisyong Impormasyon para sa Mga Bisita

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Ang mga sentro ng HKTB sa bisita ay nakatuon sa pagbibigay ng malawak na saklaw ng impormasyon at mga serbisyong may kaugnayan sa pamamasyal para sa publiko at turista. |
| Umiiral na Mga Panukala | • Ang mga pahayagan ng HKTB na ipinamamahagi sa mg Sentro para sa Bisita ay nakalimbag sa parehong wikang Tsino at Ingles.<br>• Habang ang mga serbisyo ng HKTB ay pangunahing naka-target sa mga lehitimong bisita, kung kinakailangan, ang mga frontline na mga kawani ng HKTB ay maaring humingi ng kinakailangang tulong mula sa mga konsulado o sa Sentro para sa Etniko Minorya ("CHEER") para sa mga serbisyong interpretasyon sa mga banyagang wika tulad ng Bahasa Indonesia, Hind, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese. |
| Pagtatasa ng Mga Gawain sa | • Ang HKTB ay patuloy na pana-panahong susuriin nito ang mga serbisyo, isinasaalang-alang ang mga |

| | |
|---|---|
| Hinaharap | komento at mungkahi mula sa publiko at turista, at higit pang mapahusay ang mga serbisyo niton kung kinakailangan at naangkop. Ang HKTB ay mangongolekta din ng mga datos na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng serbisyo sa wika ng mga taong mula sa magkakaibang lahi, na gagamitin para sa tuloy-tuloy na pagtatasa at pagpapabuti ng probisyon ng serbisyo. |

(B) Ang Websayt ng HKTB

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Ang HKTB ay nagbibigay ng malawak na saklaw ng impormasyon na may kaugnayan sa pamamasyal, mga atraksyon at mga kaganapan, atbp sa website ng HKTB (www.discoverhongkong.com) para sa publiko at turista. |
| Umiiral na Mga Panukala | • Ang website ng HKTB ay nasa parehong wikang Tsino at Ingles at iba pang mga wika[1]. |
| Pagtatasa ng Mga Gawain sa Hinaharap | • Ang HKTB ay magpapatuloy na pana-panahong suriin ang mga pangangailangan ng pagsasama ng maraming wika sa website ng HKTB, upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong mula sa magkakaibang lahi, kung kinakailangan at naangkop. Ang HKTB ay mangongolekta din ng mga datos na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng serbisyo sa wika ng mga taong mula sa magkakaibang lahi, na gagamitin para sa tuloy-tuloy na pagtatasa at pagpapabuti ng probisyon ng serbisyo. |

[1] Bilang karagdagan sa wikang Tsino at Ingles, mayroong 11 pang ibang mga wika sa website ng HKTB, na kinabibilangan ng Arabic, Bahasa Indonesia, Bahasa Malaysia, Dutcht, German, Koreans, French, Japanese, Russian, Thai at Vietnamese.

## (C) Mga Iskema ng Pagpopondo

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Ang HKTB ay kasalukuyang namamahala sa iilang mga iskema na bukas para sa aplikasyon mula sa mga karapat-dapat na organisasyon o kumpanya, tulad mh Pangunahing Iskema para sa mga Kaganapan ng Katangian ng Lokal na Turismo at Pondo ng Suporta para sa Maliliit na Pulong, Insentibo at Mga Pangkat ng Kapulungan. |
| Umiiral na Mga Panukala | • Kahit na ang mga aplikante ng mga iskema ng pagpopondo ay limitado sa mga organisasyon o kumapanya, ang mga serbisyo ng HKTB ay neutral na may pagsasaalang-alang sa lahi at naihatid sa parehong wikang Tsino at Ingles.<br><br>• Ang HKTB ay maaring humingi ng kinakailangang tulong mula sa mga kosulado o sa CHEER para sa serbisyong interpretasyon sa ibang banyagang mga wika kung kinakailangan. |
| Pagtatasa ng Mga Gawainsa Hinaharap | • Ang HKTB ay magpapatuloy na ipatupad ang umiiral na mga panukala, at regular na susuriin ang paghahatid ng serbisyo nito upang matiyak ang pagkaneutral patungkol sa lahi. Ang HKTB ay mangongolekta din ng mga datos na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng serbisyo sa wika ng mga taong mula sa magkakaibang lahi, na gagamitin para sa tuloy-tuloy na pagtatasa at pagpapabuti ng probisyon ng serbisyo. |

## (D) Iskema ng Kalidad na mga Serbisyong Pangturismo

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Kasalukuyang pinamamahalaan ng HKTB ang Iskema ng Kalidad na mga Serbisyong Pang Turismo ("QTS"), na isang programa sertipikadong o kung saan ang mga taga-benta ,restawran at mga pansamantalang tirahan ng bisita ay nagbibigay ng |

| | |
|---|---|
| | kalidad ng mga serbisyo sa turismo, na naisakatuparan ang initakdang mga pamantayan sa pagtatasa, ay sertipikadong mga mangangalakal ng QTS sa ilalim ng iskema |
| Umiiral na Mga Panukala | • Bagaman ang mga aplikante ng progama ay limitado sa mga taga-benta, restawran at mga pansamantalang tirahan ng bisita, neutral ang mga serbisyo ng HKTB tungkol sa lahi at naihatid sa parehong wikang Tsino at Ingles.<br><br>• Ang HKTB ay maaring humingi ng kinakailangang tulong mula sa mga kosulado o sa CHEER para sa serbisyong interpretasyon sa ibang banyagang mga wika kung kinakailangan. |
| Pagtatasa ng Mga Gawain sa Hinaharap | • Ang HKTB ay magpapatuloy na ipatupad ang umiiral na mga panukala, at regular na susuriin ang paghahatid ng serbisyo nito upang matiyak ang pagkaneutral patungkol sa lahi. Ang HKTB ay mangongolekta din ng mga datos na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng serbisyo sa wika ng mga taong mula sa magkakaibang lahi, na gagamitin para sa tuloy-tuloy na pagtatasa at pagpapabuti ng probisyon ng serbisyo. |

(E) Pagsasanay

| | |
|---|---|
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | • Inayos ng HKTB ang mga pagsasanay sa pagkakapantay-pantay ng lahi para sa mga empleyado nito upang mapahusay ang pag-unawa ng mga empleyado sa mga bagay patungkol sa pagkakapantay-pantay ng lahi. |

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa mga sumusunod na pamamaraan:

| | |
|---|---|
| Telepono: | Mr Ken Cheung:<br>2508 1234 (mga katanungan sa mamimili at komentaryo sa paglalakbay);<br>Ms Suki Lai:<br>2807 6199 (iba pang mga katanungan) |
| Fax: | 2503 6114 |
| Email: | info@hktb.com |
| Website: | https://www.discoverhongkong.com/eng/contact-us.html |
| Postal Address: | 11/F, Citicorp Centre, 18 Whitfield Road. North Point, Hong Kong |

**Lupon ng Turismo ng Hong Kong**

**Mayo 2023**